

Proyekto ng Osaka Prefectural Board of Education para sa pagsuporta sa buhay paaralan ng mga batang mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa o nanggaling sa ibang bansa,
Reiwa 6 (SY 2024)

Pagpili ng Landas Pagkatapos ng Junior High School



Osaka Prefectural Board of Education

<フィリピン語>

Mga Nilalaman

■Paunang Salita	p.1
■Sistema ng Edukasyon sa Japan	p.2
■Mga Uri ng Senior High School	p.3
■Isang Araw sa Senior High School	p.7
■Isang Taon sa Senior High School	p.8
■Gastusin sa Pag-aaral	p.9
■Entrance Exam	p.10
■Pamublikong Senior High School	
Mga Sabjek /Paksa sa Entrance Exam	p.12
Ang Pagpili ng Papasa	p.14
Entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa	p.15
Entrance exam para sa mga kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral	p.16
Konsiderasyon sa entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral, atbp, na bumalik mula sa ibang bansa na kailangang turuan ng wikang Hapon	p.17
Ang Iskedyul ng Entrance Exam	p.19
■Mga Sistemang Nagbibigay ng Pinansyal na Pagtulong para sa Pag-aaral	
Pansamantalang Pautang (Loan System) para sa Pagpasok sa Paaralan	p.21
Scholarship System	p.22
■Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa Senior High School	p.24
■Listahan ng mga Institusyong Mapapagkonsultahan	p.25

Paunang Salita

Ang booklet na ito ay sinulat para sa lahat na nagnanais pumasok sa senior high school. Ipinapakilala dito ang mga pangunahing impormasyon ukol sa pagpasok sa senior high school. May mekanismo sa Osaka na tumutulong sa lahat ng mga mag-aaral sa pagpili ng landas para masagot ang kanilang mga katanungan at alinlangan ukol sa pagpili ng landas. Kaya kung namomroblema kayong mamili ng landas na tatahakin, huwag ninyong sarilihin ito. Magkonsulta sa inyong guro o makipag-usap sa mga institusyong mapapagkonsultahan na nakalista sa booklet na ito.

※Ang booklet na ito ay nasa website ng Osaka Prefectural Agency of Education, Elementary & Junior High School Division. Nakasulat ito sa mga wikang Hapon, Intsik, Koreyano, Biyetnames, Pilipino, Portuges, Espanyol, Thai, Ingles, Ruso, Indonesio, Nepali, Urdu, Arabe, Malay at Ukrainya.


(<https://www.pref.osaka.lg.jp/o180080/shochugakko/kikokutoniti-sapo/shinro-senntaku.html>)



☑ Ang 3 palatandaan para sa mahahalagang punto sa booklet na ito



Simpleng ipinapaliwanag ang bawat item.



Detalyadong ipinapaliwanag ang bawat item.





Mga katanungan ng bawat pahina at mga pahinang may kinalaman sa kasalukuyang pahina.

Sistema ng Edukasyon sa Japan



Sa Japan, ang elementary at junior high school ay kumpolsaryong edukasyon. Kinakailangang ipasok ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan habang nasa edad ang mga bata para kumuha ng kumpolsaryong edukasyon. Pagkatapos ng kumpolsaryong edukasyon, maraming landas na maaring pagpilian.

Edad 7	Kinakailangang Edukasyon	Elementary School/Mababang Paaralan (<i>Shogakko</i>)			
12		6 na taon			
13		Junior High School/Paaralang Panggitna (<i>Chugakko</i>)			
15		3 taon			
16	Senior High School/ Mataas na Paaralan (<i>Koko / Kotogakko</i>)		Special Training School (<i>Koto Senshugakko</i>)	Technical College (<i>Koto semmon gakko</i>)	Vocational Training School (<i>Koto shokugyo gijutsu semmon ko</i>)
18	3 taon 		1 taon o mahigit		1-2 taon
19	University, College (<i>Daigaku</i>)	Junior College (<i>Tanki daigaku</i>)	Vocation al College (<i>Senmon gakko</i>)	5 taon	
			1 taon o mahigit		
		2 taon			
22	4-6 taon				
23	Graduate School (<i>Daigakuin</i>)		Makakapagtapos ba sa loob ng 3 taon mula sa saan mang pampublikong senior high school?		
24	2-5 taon		⇒ Makakapagtapos sa loob ng 3 taon kung pumapasok nang pang-araw (Full-time, <i>Zennichi sei</i>). Tingnan ang pahina 5-6 para sa ibang sistema at paliwanag.		

Mga Uri ng Senior High school



Sa Japan, may mga pampublikong senior high school, national senior high school at mga Pribadong senior high school.

■Pampublikong senior high school /National senior high school

Itinayo ng bansa, prefecture at ng lungsod.

Magkakasamang nag-aaral ang mga lalaki at babae. (Co-ed)

■Pribadong senior high school

Itinayo ng pribadong tao o kompanya. Ang gastusin sa pag-aaral sa pribadong paaralan ay karaniwang mas mahal kaysa sa nasyonal o pampublikong paaralan. ※

Bukod sa co-ed, mayroong panlalaki lamang at pambabae lamang na paaralan.

※ Sa mga pribadong senior high school, mayroong sistemang tumutulong sa pagbayad ng tuition fee batay sa kinikita ng pamilya.

⇒Tignan ang pahina 9.



Magkapareho ba ang entrance exam sa pampublikong senior high school at sa pribadong senior high school?

⇒ Magkaiba ang entrance exam sa pampublikong senior high school at sa pribadong senior high school.

■Mga subjek sa entrance exam ng mga pampublikong senior high school

⇒ Tignan ang pahina 12-13

■ Ang entrance exam ng mga pribadong senior high school

Depende sa paaralan, magkaiba ang petsa ng entrance exam, nilalaman at mga pamantayan sa admisyon. Para sa detalyadong impormasyon, magtanong sa guro ng junior high school na namamahala sa konsultasyon tungkol sa pagpasok sa senior high school.

May apat na uri ng senior high school.
Magkakaiba ang panahong kinakailangan para magtapos at ang pamamaraan ng pagturo sa klase.

<Full-time na senior high school>

■Oras ng pag-aaral

Mula umaga hanggang hapon (Mula mga 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon)

■Panahong kailangan para makapagtapos

3 taon

■Estilo ng pagkuha ng klase

Karamihan sa mga paaralang araw nag-aaral ay may takdang dami ng yunit ng klase ang kailangang makuha sa bawat grado. Kung makukuha ang takdang dami ng yunit, makakaakyat ang mag-aaral sa susunod na baitang. Sa mga paaralang sumusunod sa credit system maaring mamili ang mga mag-aaral ng klaseng kukunin nila.

■Halimbawa ng full-time senior high school

<Senior high school na may General Course >

Pinag-aaralan ang mga pangkalahatang subjek tulad ng pambansang wika (wikang Hapon) at math.

<Senior high school na may Specialized Course>

Pinag-aaralan ang mga kakayahan at pangunahing kaalaman sa mga partikular na mga larangan tulad ng industriya, kalakalan/komersiyo, agrikultura, at internasyonal na kultura, upang magkaroon ng kakayahang makakuha ng kwalipikasyon.

<Senior high school na may Integrated Course>

Bukod sa mga pangkaraniwang subjek, mayroong mga elektibong subjek na mapagpipiliang pag-aaralan ayon sa sariling interes.

<Empowerment School>

Depende sa antas ng pag-unawa, pinag-aaralang muli ang mga pangunahing kaalaman at may klaseng nagtuturo sa mga batang mag-isip sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga problemang walang isang tamang sagot.

<Step School>

Sa ilalim ng isang detalyadong sistema ng suporta ng humigit-kumulang 30 mag-aaral sa isang klase, bukod sa pangkaraniwang subjek, nagsasagawa rin ng experiential learning kung saan ginagamit ang lokal na katangian.

< **Senior high school na may Multiple-Class Credit System (Creative School)** >

■ **Oras ng pag-aaral**

Type I = pang-umaga (mga 8:30 ng umaga hanggang 12:30 ng tanghali)

Type II = pang-hapon (mga 1:00 hanggang 5:00 ng hapon)

■ **Panahon para makapagtapos**

Kung sabay na kinuha ang schedule I at II = 3 taon o mahigit pa

Kung hindi sabay na kinuha ang I at II = 4 na taon o mahigit pa

■ **Estilo ng pagkuha ng klase**

Makakapili ng oras (schedule I, II) at mga subjek na tugma sa sariling estilo ng pamumuhay at bilis ng pag-aaral. Nahahati ang ang pag-aaral sa isang taon o 6 na buwan.

< **Pang-araw at gabing senior high school na Unit System** >

■ **Oras ng pag-aaral**

Oras na gusto mula sa unang period (10:50 ng umaga) hanggang ika-sampung period na (9:05 ng gabi).

Halimbawa:

Pang-araw Bandang 10:50 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon

Pang-gabi Bandang 5:35 ng hapon hanggang 9:05 ng gabi

■ **Panahon para makapagtapos**

Kung pang-araw = 3 taon Kung pang-gabi = 4 na taon

Kung sabay kukunin ang mga pang-araw na subjek = 3 taon

■ **Estilo ng pagkuha ng klase**

Maaaring pumili ng oras ng pag-aaral ayon sa iyong pamumuhay at kakayanan sa pag-aaral.

Nakatakda na ang oras ng klase ng mga mag-aaral sa unang taon at tinututukan ang mga subjek na kailangan para sa pagtatapos.

Mula sa ikalawang taon, makakapili ng subjek ayon sa piniling gagawin pagka-gradweyt at sariling interes.

< **Pang-gabing senior high school** >

■ **Oras ng pag-aaral**

Sa karamihan ng paaralan, 6:00 ng hapon ~ 9:00 ng gabi.

■ **Panahon para makapagtapos**

4 taon

Kapag kinuhang kasabay ang Correspondence Program = 3 taon o mahigit pa

■ **Estilo ng pagkuha ng klase**

Maaaring makapag-aral sa gabi. Kukuha ng yunit sa bawat klase.

< **Correspondence senior high school** >

■ **Oras ng pag-aaral**

2-3 beses sa isang linggo kinakailangang pumunta sa paaralan para mag-aral. Depende sa paaralan kung ilang beses at anong araw ng linggo dapat pumunta.

■ **Panahon para makapagtapos**

3 taon o mahigit pa.

■ **Estilo ng pagkuha ng klase**

Sa mga araw na hindi pumupunta sa paaralan, nag-aaral ang mag-aaral sa bahay gamit ang mga textbook, hand-outs atbp, at nagsusulat ng report na ipapasa para ma-check at maturuan sa pagsusulat..



Ano ang yunit?

- ⇒ Sa senior high school, ginagamit ang yunit upang masukat ang dami ng pinag-aaralan. Kapag nakuha ang tinakdang resulta ng pag-aaral, makukuha ang kaukulang yunit para sa subjek na iyon. Ang isang yunit na oras ay 50 minuto at ang isang buong yunit ay kinakalkulang 35 yunit na oras. (50 minuto × 35 yunit na oras = 1750 minuto)
Kung makakakuha ng mga yunit sa bawat subjek at mabuo ang kailangang bilang na yunit, maari makapagtapos.

Isang Araw sa Senior High school



Ito ang halimbawa ng isang araw ng mag-aaral sa full time na senior high school.

■Umaga

Nag-uumpisa ng mga 8:30 at may 4 na klase sa umaga. Magkakaiba ang guro sa bawat subjek.

■Tanghalian

Walang school lunch. Magdadala ka ng sariling baon o puwede bumili ng pagkain at kumain sa cafeteria.

■Hapon

Mayroong 2 o 3 klase sa hapon.

■Pagkatapos ng klase

Mayroong mga club. Puwedeng maglaro ng nakasanayang sports o aktibidad na kultural. Malayang sumali o hindi sumali sa club activity.



Ano ang isusuot kapag papasok sa high school?

⇒ Mayroong opisyal na uniporme ang mga paaralan. May dalawang uri ng uniporme na isinusuot kapag pupunta sa paaralan. Mayroong pang tag-init at mayroon ding pang tag-lamig. Mayroon din namang mga paaralan na walang opisyal na uniporme.

Isang Taon sa Senior High school



Ito ang halimbawa ng isang taon ng mag-aaral sa full time na senior high school. Ipapakita dito ang paaralang may 3 term, pero may mga paaralang may 2 term lamang. (Ang simula ng mga paaralang may 2 term lamang ay depende sa paaralan.)

Ang paaralan sa Japan ay nag-uumpisa sa Abril at natatapos naman ito sa Marso ng susunod na taon.

■1st term (Abril hanggang Hulyo)

Entrance ceremony, Opening ceremony, Health check-up, Physical check-up
Field study, Regular na pagsusulit
Parent-teacher interview
Closing ceremony

■Summer vacation (katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)

■2nd term (katapusan ng Agosto hanggang Disyembre)

Opening ceremony
Sports festival (may senior high school na gumagawa nito sa 1st term)
Cultural (School) festival, Research presentation
School trip (kalimitan 2nd year na mag-aaral)
Regular na pagsusulit
Parent-teacher interview
Closing ceremony

■Winter vacation (katapusan ng Disyembre hanggang unang bahagi ng Enero)

■3rd term (unang bahagi ng Enero hanggang Marso)

Opening ceremony
Regular na pagsusulit
Parent-teacher interview
Graduation ceremony, Closing ceremony

■Spring vacation (katapusan ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril)

Gastusin sa Pag-aaral



Ang mga gastusin sa pag-aaral ay ang pera na kailangan sa pagpasok sa paaralan. Magkakaiba ang mga gastusin para sa iba't-ibang uri ng paaralan.

■ Ang mga gastusin sa pag-aaral sa senior high school

- ① Examination fee = Pera para sa entrance exam
- ② Admission fee = Pera para sa pagpasok
- ③ Tuition fee = Pera para sa mga klase
- ④ Gastusing kailangan sa unang taon = perang kailangan para sa unang taon bukod sa ①②③ .
Kasama dito ang mga libro at uniporme kung may uniporme sa paaralan.

		② Examination fee	② Admission fee	③ Tuition fee	④ Mga kailangan sa unang taon
Full time	Pampublikong Senior High school	¥2,200	¥5,650	¥118,800	Mga ¥300,000
	Pribadong Senior High school ※1	¥20,000	¥200,000	¥600,000	Mga ¥1,100,000
Part-time (Pampubliko)		¥950	¥2,100	¥32,400	Mga ¥50,000
Correspondence Course (Pampubliko)		¥800	¥500	bawat yunit sa isang taon ¥330	Mga ¥40,000

※1 Magkakaiba ang bayad sa bawat pribadong paaralan. Ang mga halagang ito ay tantiya lamang.

■ Sistemang tumutulong sa pagbabayad ng matrikula

- Sa pampublikong senior high school, kung ang kita ng pamilya sa isang taon ay hindi lalagpas ng ¥9,100,000 libre ang matrikula. ※2
- ※2 Kahit na lumampas ang halaga sa ¥9,100,000, ang mga nasa ikatlong taon ng junior high school sa taong ito ay magiging libre mula sa kanilang ikalawang taon sa senior high school.
- Sistema ng libreng tuition para sa mga pribadong senior high school, atbp. Ang mga mag-aaral na nasa ikatlong taon sa junior high school ngayong taon ay magiging ng libre ang tuition mula sa kanilang ikalawang taon sa senior high school.
(Hindi lahat ng pribadong senior high school ay nag-aalok ng libreng matrikula. Tignan lamang ang sumusunod. (Ngunit sa wikang Hapon lamang))



URL : <https://www.pref.osaka.lg.jp/documents/9385/middleschool-flyer1.pdf>

Ang pampubliko at pribadong paaralan ay parehong may kailangang lakaring mga proseso pagkatapos makapag-enrol.



Ano ang dapat gawin kung mahihirapang bayaran ang gastusin sa pag-aaral?
⇒ Pakitignan ang p. 21~23.


Entrance Exam



Kailangang kumuha ng entrance exam upang makapasok sa senior high school. Ang entrance exam ay tinatawag ding “*Nyushi*”, “*Nyugakusha Senbatsu*” o “*Senbatsu*”. May ilang mga alituntunin sa pagkuha ng entrance exam.


■ Pagkuha ng entrance exam

© Kung balak pumasok sa Pribadong Senior High school lamang



(Aplikasyon sa Pribadong Senior High school)

Ito ang paraan ng pagkuha ng exam sa pribadong senior high school na mangangako kang papasok kapag nakapasa. Hindi na puwedeng kumuha ng entrance exam sa pampublikong senior high school kapag pumasa na sa pribadong senior high school.




※Ito ay limitado lamang sa mga ilang paaralan o kurso.

©Kung balak pumasok sa Pampublikong Senior High school

(Single na Aplikasyon sa Pampublikong Senior High school)


Kung mag-aaplay sa pampublikong senior high school lang at hindi mag-aaplay sa pamprivadong senior high school.



※Ito ay limitado lamang sa ilang paaralan o kurso.

(Pag-aplay ng sabay sa pampubliko at pribadong eskwela)

Kahit na nais mag-aplay sa pampublikong high school, puwedeng kumuha ng entrance exam sa mga pribadong high school na pumapayag sa sabay na aplikasyon sa pampublikong high school. Sa kasong ito, kahit pumasa sa pribadong high school, maaari pa ring kumuha ng entrance exam sa pampublikong high school. Kapag pumasa sa pampublikong high school, sa pampublikong high school ang papasukan.



※Ito ay limitado lamang sa mga ilang paaralan o kurso.

Pampublikong Senior High school Mga Sabjek/Paksa sa Entrance Exam



Ang nilalaman ng entrance exam ay depende sa papasukang kurso o pag-aaralan. Ipapakilala dito ang sabjek na may academic test at ibang eksaminasyon bukod dito.

■ Espesyal na entrance exam (Kalagitnaan hanggang sa huling bahagi ng Pebrero) ※2

Kurso at mga sabjek		Academic Test (Academic test)
Full-time curriculum	Kursong may kinalalaman sa industriya (Architectural Design, Interior Design, Product Design, Video and Movie Design, Visual Design, Design System) • Kurso sa Global Exploration, Kurso sa Fine Arts • Kurso sa Pisikal na Edukasyon • Kurso sa Performing Arts and Culture • Kurso sa Pag-arte • Kurso sa Musika • Kurso sa Integral Art	Limang sabjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Ingles ※1) Pagsusuri sa praktikal na kasanayan
	Integrated Course (Step School)	Tatlong sabjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon), Matematika, Ingles ※1) Interbyu ※3
	Integrated Course (Empowerment school)	Limang sabjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Ingles ※1)
Multiple-class credit system Type I at II (Creative School)		Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Ingles ※1)
Pang-araw o pang-gabi credit system		Interbyu

■ Karaniwang entrance exam (unang linggo hanggang kalagitnaan ng Marso) ※2

Kurso at mga sabjek		Academic test
Full-time curriculum	Lahat ng kursong wala sa espesyal na entrance exam	Limang sabjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Ingles ※1)
Part-time curriculum ※4		Tatlong sabjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) ,Matematika, Ingles ※1)
Correspondence Program ※5		Interbyu

※1 Kasama ang pakikinig para sa Ingles.

※2 Kung nag-aplay ngunit hindi nakakuha ng entrance exam dahil sa karamdaman tulad ng COVID-19, trangkaso, atbp, maaaring kumuha ng entrance exam sa ibang petsa, kaya kumonsulta sa pinapasukang junior high school.

※3 Sa oras ng pag-aplay, maaari pumili ng "harapang panayam" o "isusulat na panayam."

※4 Para sa mga 21 taong gulang o higit pa, hindi na kinakailangan pang magbigay ng student report mula sa guro, bukod sa academic test, mayroon ding interbyu. Kung gusto ng aplikanteng mag-aaral, maaari ring magsumite ng essay sa halip na kumuha ng academic test.

※5 Para sa 21 taong gulang o higit pa, hindi na kailangan magbigay ng student report mula sa guro.

■ Ang pangalawang entrance exam (Katapusan ng Marso)

Kurso at mga subjek	Academic test
Mga kursong kulang ang mga pumasang mag-aaral	Interbyu

■ Ang ibang mga entrance exam (Kalagitnaan hanggang sa katapusan ng Pebrero) ※2

Ang mga pangalan ng entrance exam/Paaralan, Departamento	Academic test
Entrance exam ng Toyonaka High School Nose Branch ng Lalawigan ng Osaka ※2 Nose Branch (Integrated Course)	Limang subjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Ingles※1) Interbyu
Entrance exam ng mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa. ※2 ※5 Kursong Ingles, Kurso sa International Cultural Studies, Kurso sa Global Studies, Kurso sa Global Exploration, Kurso sa Integrated Science	Matematika, Ingles※1 Interbyu (Pakitingnan ang p15)
Entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa na kailangang turuan ng wikang Hapon at mga dayuhang mag-aaral. ※2 ※6 Higashiyodogawa High School (General Course) Fukui High School (Integrated Course) Kadoma Namihaya High School (Integrated Course) Yaokita High School (Integrated Course) Seibi High School (Integrated Course) Nagayoshi High School (Integrated Course (Empowerment Course)) Fuse Kita High School (Integrated Course (Empowerment Course)) Osaka Wakaba High School (Multiple-Class Credit System Type I · II) (Creative School)	Matematika, Ingles※1 Essay (Maaring kahit hindi sa wikang Hapon) (Pakitingnan ang pahina p16)
Kursong tumutulong sa mga mag-aaral na may kapansanan sa intelekt na maging independent Pagpili ng mga bagong mag-aaral ※2 ※7 General Course Kurso sa Flower Factory, Kurso sa Environmental Greening, Kurso sa Bioscience, Kurso sa Mechanical Engineering, Kurso sa Electrical Engineering, Kurso sa Science at Engineering Integrated Course Integrated Course (Step School)	Interbyu

※1 Kasama ang pakikinig para sa Ingles.

※2 Kung nag-aplay ngunit hindi nakakuha ng entrance exam dahil sa karamdaman tulad ng COVID-19, trangkaso, atbp, maaaring kumuha ng entrance exam sa ibang petsa, kaya kumonsulta sa pinapasukang junior high school.

※5 Hindi kailangan ang student report mula sa guro. ※6 Hindi kailangan ang student report mula sa guro o self-assesment report ng mag-aaral. ※7 Kailangan ang nursing booklet.

Sa mga kukuha ng "ibang entrance exam", bukod sa kwalipikasyon para sa pangkaraniwang eksaminasyon, may mga iba pang kailangang kwalipikasyon sa bawat eksaminasyon. Kausapin ang pinapasukang junior high school para alamin sa Board of Education ang mga kwalipikasyong kailangan. Ngunit para sa entrance exam ng Toyonaka High School Nose Branch ng Lalawigan ng Osaka, walang karagdagang kwalipikasyong kailangan sa kwalipikasyon para sa pangkaraniwang eksaminasyon para sa aplikasyon.

Pampublikong Senior High school Ang Pagpili ng Papasa



Alamin ang batayan ng pagpili ng papasa at maghanda para sa entrance exam.

Pinipili ang mga papasa batay sa academic test, transcript of records, self-declaration at interbyu.

■Ang “*chousasho*” (student report mula sa guro)

Ang student report mula sa guro ay pinapadala ng junior high school sa senior high school. Nakasulat ang grado (rating) ng 9 na subjek (Pambansang wika, araling panlipunan, matematika, agham, Ingles, musika, sining, PE, home economics) at rekord ng aktibidades (pagsapi sa konseho o komite, mga aktibidad sa club o tungkol sa pangkaraniwang buhay sa eskwela). Ang rating (grado) ay may 5 lebel o marka (5.4.3.2.1)

■Ang “*jiko-shinkokusho*” (self-assesment report ng mag-aaral)

Isinu-sumite ang self-assesment report ng mag-aaral kasama ng application form. Dapat isulat ng mag-aaral ang napag-aralan sa junior high school at kung ano ang nais gawin sa senior high school. (Ang kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral ay hindi kailangang magpasa ng "self-assesment report").

■Interbyu

Ang paaralang may interbyu ay magsasagawa ng interbyu batay sa self-assesment report ng mag-aaral.

Pakitignan ang pahina 12-13 para sa mga kursong nangangailangan ng interbyu.



Sa senior high school, bukod sa resulta ng academic test at sa student report mula sa guro, pinipili nila ang mga papasa batay sa kanilang Admission Policy (inaasahang galing at karakter ng kanilang mag-aaral) kung kaya mabutihing basahin ang Admission Policy ng paaralang gusto pasukan bago isulat ng self-assesment report.

Pamublikong Senior High school

Entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa



Sa pamublikong senior high school, mayroong entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa, at para sa kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral

"Entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa"

■ Ang puwedeng mag-aplay

Sinumang tumira nang tuluy-tuloy sa ibang bansa nang 2 taon o higit pa at hindi pa nakakalipas ng higit sa dalawang taon buhat nang makabalik sa Hapon.

■ Mga kurso

Kursong Ingles, Kurso sa International Cultural Studies, Kurso sa Global Studies,
Kurso sa Global Exploration, Kurso sa Integrated Science

■ Detalye

- Ang mga subjek sa entrance exam ay matematika, Ingles at interbyu (sa wikang Hapon).
- Para sa eksamen sa Matematika at Ingles, maaaring magdala ng isang diksyonaryo (Japanese translation). Subalit sa eksamen sa Ingles, hindi maaaring gumamit ng Ingles-Hapones na diksyunaryo o anumang may nakasulat sa Ingles.

Pamublikong Senior High school
Entrance exam para sa mga kailangang turuan ng
wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik
mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral

"Entrance exam ng kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral "

■Ang puwedeng mag-aplay

Sinumang bumalik galing sa China, atbp, at mga mag-aaral na may ibang nasyunalidad at lilipat sa paaralan ng bansang Hapon (mula sa ibang bansa) sa grade 4 o mas mataas.

■Mga paaralang magpapatupad nito sa SY 2025 (Ipatatupad sa Pebrero 2025)

Higashiyodogawa High School (General Course), Fukui High School (Integrated Course), Kadoma Namihaya High School (Integrated Course), Yaokita High School (Integrated Course), Seibi High School (Integrated Course), Nagayoshi High School (Integrated Course (Empowerment Course)), Fuse Kita High School (Integrated Course (Empowerment Course)), Osaka Wakaba High School (Multiple-Class Credit System Type I (Creative School))

■Detalye

○Essay, Matematika at Ingles (kasama ang listening test) ang mga subjek sa eksamen.

○Maaaring sumulat ng essay sa ibang wika maliban sa Japanese.

○Makakapagpalagay ng *furigana* (ang pagbasa ng kanji) sa ibabaw ng kanji sa academic test.

○Sa essay, para mas maintindihan nang mabuti ang katanungan, maipapasalin ang key word sa dayuhang wika.

○Maaaring gumamit ng hanggang dalawang diksyunaryo sa ibang wika habang nag-i-eksamen. Subalit sa pagsusulit sa Ingles, hindi maaaring gumamit ng diksyunaryo Ingles-Hapones, Hapones-Ingles, o anumang diksyunaryong may Ingles.

*Sa entrance exam na ito, hindi magsu-sumite ng self-assesment report.

*Kukumpirmahin sa Opisina ng Edukasyon sa Nobyembre kung makakakuha ng eksameng ito o hindi. Sa pagkumpirma, kinakailangang magsumite ng mga dokumento tulad ng "rekord ng pagpasok at paglabas ng bansa". Maaaring mangailangan ng oras para maghanda, kaya kumonsulta sa guro ng junior high school sa lalong madaling panahon.

Kung kukuha ng entrance exam sa pahina 15 at 16, ang junior high school na kasalukuyang pinapasukan ang mag-aaplay sa senior high school kung saan gustong kumuha ng entrance exam. Ang mga gustong kumuha ng entrance exam na ito, mangyari lamang na kumonsulta sa iyong homeroom teacher.

Pampublikong Senior High school

Konsiderasyon sa entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral, atbp, na bumalik galing sa ibang bansa na kailangang turuan ng wikang Hapon



Sa entrance exam para sa pampublikong senior high school, mayroon espesyal na konsiderasyon para sa kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral. Mangyari lamang na kumonsulta sa inyong homeroom teacher kung puwedeng matanggap ang konsiderasyon o hindi.

Konsiderasyon ①

■ Sinong puwede

Sinumang lumipat (mula sa paaralan sa ibang bansa) sa Grade 1 or mas mataas na baitang sa elementary school pagkabalik o pagkarating sa Japan.

■ Saang senior high school

Lahat ng pampublikong senior high school.

■ Detalye

A Pagpapahaba ng oras sa academic test (mga 1.3 times)

Kung maaaprubahan ang A, puwedeng mag-aplay para sa B, C, D.

B Habang nagi-eksamen, maaaring gumamit ng diksyunaryo sa ibang wika.

Maaaring humiling na gumamit ng hanggang dalawang diksyunaryo. Subalit bawal ang diksyonaryong Ingles-Hapones o Hapones-Ingles, o anumang may Ingles kung sa eksamen ng Ingles.

Bukod doon, bawal din ang elektronikong diksyunaryo. Kung gagamit ng diksyunaryo, hindi isasama ang mga katanungan ukol sa “pagbasa at pagsusulat ng *kanji*” sa eksamen ng Pambansang Wika (Wikang Hapon).

C Maipapasulat ang furigana (ang pagbasa ng kanji) sa academic test.

Subalit sa pagsusulat ng Pambansang Wika (Wikang Hapon), hindi lalagyan ng furigana (ang pagbasa ng kanji) sa mga katanungan ukol sa “pagbasa ng kanji”.

D Para sa Pambansang Wika (Wikang Hapon), kapag may lumabas na problemang kailangang magsulat ng essay, ibibigay ang keyword sa dayuhang wika para mas maintindihan ang tanong.

Konsiderasyon ②

■ Sinong puwede

Sinumang tumira sa ibang bansa ng 2 taon o higit pa nang tuluy-tuloy at hindi pa lumalampas ng dalawang taon ang nakalipas buhat nang makabalik sa Hapon.

■ Saang senior high school

Lahat ng pampublikong senior high school

■ Detalye

Kapag susulat ng self-assesment report, puwede itong ipasulat sa iyong guro o magulang. Kung hindi sila puwedeng sumulat para sa inyo, maaaring sumulat gamit ang wikang bukod sa wikang Hapon.

Para matanggap ang mga konsiderasyong ito, mag-aapply ang junior high school na pinapasukan sa Osaka Prefectural Board of Education. Amg mga gustong tumanggap ng mga konsiderasyong ito, mangyari lamang na kumonsulta sa homeroom teacher.

(*) Lahat ng impormasyong nakasulat ay mga plano pa lamang. Mga Hulyo-Agosto ng taong 2024 lalabas ang opisyal na desisyon.



Pamublikong Senior High school

Ang Iskedyul ng Entrance Exam sa SY 2025

Depende sa kurso, iba ang araw ng pag-aplay, ng entrance exam, at araw na lalabas ang resulta. Tiyakin lamang ang iskedyul sa high school na gusto ninyong pasukan.

		Uri ng Entrance Exam	Application Period	Araw ng Entrance Exam ※	Labas ng Resulta
Especyal na Entrance Exam	Full-time	• Kursong may kinalalaman sa industriya (Architectural Design, Interior Design, Product Design, Video and Movie Design, Visual Design, Design System) • Kurso sa Global Exploration, Fine Arts • Kurso sa Pisikal na Edukasyon • Performing Arts and Culture • Kurso sa Pag-arte • Kurso sa Integral Art	Pebrero 14 (Biyernes) ~ Pebrero 17 (Lunes)	Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Eksamen sa praktikal na kasanayan Pebrero 21 (Biyernes)	Marso 3 (Lunes)
		• Kurso sa Musika	Pebrero 4 (Martes) ~ Pebrero 5 (Miyerkules)	Pagkanta, Talent test Pebrero 15 (Sabado) Academic Test Pakikinig sa tunog Pebrero 20 (Huwebes)	
		• Integrated Course (StepSchool)	Pebrero 14 (Biyernes) ~ Pebrero 17 (Lunes)	Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Interbyu Alinman sa Pebrero 21 (Biyernes), o Pebrero 25 (Martes)	
		• Integrated Course (Empowerment school)	Pebrero 14 (Biyernes)	Academic Test Pebrero 20 (Huwebes)	
	Multiple-class credit system Type I at II (Creative School)	~ Pebrero 17 (Lunes)	Interbyu Pebrero 21 (Biyernes)		
	Pang-araw at pang-gabi credit system				
Entrance exam ng Toyonaka High School, Nose Branch sa Lalawigan ng Osaka				Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Interbyu Pebrero 21 (Biyernes)	
Entrance exam para sa mga Hapong mag-aaral na bumalik galing sa ibang bansa		Pebrero 14 (Biyernes)		Academic Test Interbyu Pebrero 20 (Huwebes)	
Entrance exam para sa kailangang turuan ng wikang Hapon na mga Hapong mag-aaral na bumalik mula sa ibang bansa at mga dayuhang mag-aaral		~ Pebrero 17 (Lunes)		Academic Test Essay Pebrero 20 (Huwebes)	
Entrance exam para sa kursong tumutulong sa mga mag-aaral na may kapansanan sa intelekt na maging independent				Interbyu Pipili ng isang araw mula sa mga sumusunod: Pebrero 19 (Miyerkules), Pebrero 20 (Huwebes), 21(Biyernes)	

※Kung nag-aplay ngunit hindi nakakuha ng entrance exam dahil sa karamdaman tulad ng COVID-19, trangkaso, atbp, maaaring kumuha ng entrance exam sa ibang petsa, kaya kumonsulta sa pinapasukang junior high school.

	Uri ng Entrance Exam	Application Period	Araw ng Entrance Exam ※	Labas ng Resulta
Pangkaraniwang Entrance Exam	Full-time <ul style="list-style-type: none"> ▪ General Course (Kasama na ang High school na may Credit system) ▪ Kurso sa Negosyo ▪ Kurso sa Global Business ▪ Kursong may kinalalaman sa Agrikultura ▪ Kursong may kinalalaman sa Industriya (Hindi kasama ang kursong nagbibigay ng espesyal na eksaminasyon.) ▪ Kurso sa Ingles ▪ Kurso sa International Cultural Studies ▪ Kurso sa Global Studies ▪ Kurso sa Science at Matematika ▪ Kurso sa Integrated Science ▪ Kurso sa Creative Science ▪ Kurso sa Humanities at Agham ▪ Kurso sa Education Humanities at Agham ▪ Kurso sa Welfare Volunteering ▪ Kurso sa Kultura ng Pagkain ▪ Integrated Course (Kasama ang Creative School at hindi ang Empowerment School at Step School) 	Marso 5 (Miyerkules) ~ Marso 7 (Biyernes)	Academic Test Marso 12 (Miyerkules)	Marso 21 (Biyernes)
	Part-time			
	Coresspondence Course	Marso 3 (Lunes) ~ Marso 5 (Miyerkules)	Interbyu Isang araw mula sa mga sumusunod: Marso 9 (Linggo), 10 (Lunes), 11 (Martes)	
Pangalawang entrance exam (kung meron man)				
Karagdagang entrance exam para sa kursong tumutulong sa mga mag-aaral may kapansanan sa intelekt na maging independent (kung meron man)	Marso 25 (Martes)	Interbyu Marso 26 (Miyerkules)	Marso 27 (Huwebes)	
Entrance exam sa autumn	Setyembre 8, 2025 (Lunes)	Essay Interbyu Setyembre 11, 2025 (Huwebes)	Setyembre 17, 2025 (Miyerkules)	

※Kung nag-aplay ngunit hindi nakakuha ng entrance exam dahil sa karamdaman tulad ng COVID-19, trangkaso, atbp, maaaring kumuha ng entrance exam sa ibang petsa, kaya kumonsulta sa pinapasukang junior high school.

※Mula sa taong ito, ang mga aplikasyon ay gagawin online.
Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang 2D barcode.



Mga Sistemang Nagbibigay ng Pinansyal na Tulong para sa Pag-aaral

Pansamantalang Pautang (Loan System) para sa Pagpasok sa Paaralan



Maaaring manghiram ng perang kinakailangan sa pagpasok sa paaralan. Para sa mga detalye katulad ng mga kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, kontak in ang mga nasa baba.

Pangalan	Halaga ng Mahihiram	Panahon ng aplikasyon	Contact
Osakafu Ikuei Kai	Pampublikong senior high school: hindi hihigit ng ¥100,000 Pribadong senior high school: hindi hihigit ng ¥370,000	Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school	TEL 06-6357-6272
Life Welfare Loan Fund (<i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i>)	Hindi hihigit ng ¥500,000	Hanggang sa katapusan ng Abril mula pagpasok	Social welfare association sa bawat munisipiyo
Welfare Fund para sa Single Parent o Biyuda (<i>Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin</i>)	Pampublikong senior high school (pagpasok mula sa sariling bahay): hindi hihigit ng ¥150,000 Pribadong senior high school (pagpasok mula sa sariling bahay): hindi hihigit ng ¥410,000	Kung alam na ang halagang kakailanganin, mangyaring kumonsulta lamang sa nakasulat sa Contact.	Welfare office sa pook na tinitirahan
Kotsu Iji Ikuei Kai	① ¥200,000 ② ¥400,000 ③ ¥600,000 Pipili sa ①, ② o ③ sa oras ng pag-aapply.	Abril-Enero ng ikatlong taon ng junior high school	TEL 0120-52-1286
Ashinaga (<i>Ashinaga Ikuei Kai</i>)	Pribadong senior high school: ¥300,000	Mula sa Setyembre 1, maaaring ma-download ang aplikasyon	TEL 0120-77-8565

Sistema ng Pangtulong sa Gastos ng Pang-aaral

Scholarship System



May sistemang nagbibigay o nagpapahiram ng panggastos sa pag-aaral sa mga mag-aaral na hindi makapagbayad dahil sa kalagayan ng pamilya o kakayahang pinansyal. Kung papautangin, kailangang bayaran ito pagkatapos makapagtapos. Para sa mga detalye katulad ng kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, direktang kontakin ang mga nasa sa baba.

Pangalan	Halagang Ibibigay	Panahon ng Aplikasyon	Contact
Osakafu Ikuei Kai	Aktuwal na tuition fee ng pampublikong senior high school o pribadong senior high school + hindi hihigit ng ¥100,000	Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school Maari ding mag-apply pagkatapos magumpisa ang pasukan sa paaralan.	TEL 06-6357-6272
Life Welfare Loan Fund (<i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i>)	Hindi hihigit ng ¥35,000 kada buwan	Kahit kailan	Social welfare association sa bawat munisipalidad
Welfare Fund para sa Single Parent o Biyuda (<i>Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin</i>)	Bahagi ng aktuwal na libreng matrikula para sa senior high school ay hindi napapailalim sa pautang (Kailangang pag-usapan kung magkano)	Kahit kailan pagkatapos matanggap sa paaralan	Welfare office sa pook na tinitirahan.
Kotsu Iji Ikuei Kai	Kada buwan ① ¥20,000 ② ¥30,000 ③ ¥40,000 Kapag nag-aplay, pipili mula ①-③	Abril hanggang Enero ng ikatlong taon ng junior high school, o Abril-Enero pagkatapos magumpisa ang pasukan sa paaralan	TEL 0120-52-1286
Ashinaga (<i>Ashinaga Ikuei Kai</i>)	Kada buwan Pampublikong senior high school: ¥30,000 Pribadong senior high school: ¥30,000	Mula Setyembre 1, maaaring ma-download ang aplikasyon	TEL 0120-77-8565
Scholarship Association for Returnee Students from China (<i>Chugoku Kikoku Shijo Kotogakkotou Shogakukin</i>)	¥20,000 kada buwan at hindi kailangang isauli	Nobyembre 1 ~ Disyembre 15 ng ikatlong taon ng junior high school	Pundasyon sa Kultura ng Yamazaki Toyoko TEL 072-266-2522
Korean Scholarship Association (<i>Chosen Shogakukai Shogakukin</i>)	¥10,000 kada buwan at hindi kailangang isauli	Mga Abril ~ Mayo pagkatapos magumpisa ang pasukan sa paaralan (Pagtanggap sa Internet)	TEL 03-3343-5757

Systema na makakatulong kapag nahihirapang magbayad ng matrikula dahil sa biglaang pagbaba ng kita, atbp.



Kung mahihirapang magbayad ng matrikula dahil lumala ang sitwasyon ng kumpanyang pinagtrabahuhan ng magulang at nabawasan nang malaki ang suweldo nito, atbp, maaaring mabawasan ang bayad sa matrikula o tumanggap ng eksempsiyon sa pagbabayad nito. May mga kondisyon para makatanggap nito. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralang pinapasukan o sa mga opisina sa ibaba. (wikang Hapon lamang.)

■ Ukol sa pampublikong senior high school

Osaka Prefectural's Department of Finance for Educational Institutions

Revenue/Accounting Guidance Group

Contact: 06-6941-0351 (local 6913)

■ Ukol sa pribadong senior high school

Osaka Prefectural Board of Education, Private School Division

Coordination Support Group

Contact: 06-6941-0351 (direkta)

Osaka Prefectural Citizens Inquiry Center, PIPITTO Line

Contact: 06-6910-8001

Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa Senior High school



Bukod sa pagpasok sa senior high school, may ibang landas katulad ng sumusunod na maaaring tahakin pagkatapos ng junior high school.

■ Ibang landas bukod sa pagtungtong sa senior high school

Technical College (*Koto Semmon Gakko*): Paaralang maaaring mag-aral ng engineering at teknolohikal na kakayahan.

Vocational College (*Koto Senshu Gakko*): Paaralang maaaring mag-aral ng mga bagay na kakailanganin sa trabaho at pamumuhay.

Vocational Training School (*Koto Shokugyo Gijutsu Semmonko*):

Paaralang maaaring mag-aral ng mga kakayahan na kakailanganin sa pagtrabaho.

Iba-iba ang mapapapag-aralan sa bawat paaralan. Para sa karagdagang detalye magtanong sa inyong homeroom teacher.

■ Gawaing bahay, family business



■ Maghanap ng trabaho



Ano ang magandang gawin upang makahanap ng trabaho?

⇒ May dalawang paraan.

① Maaaring maghanap ng trabaho sa “Hello Work”.

② Maaaring magpareto sa kakilala ng inyong pamilya atbp.

Ang “Hello Work” ay lugar kung saan nagbibigay ng impormasyon sa trabaho para sa mga nais magtrabaho.

Mayroon ding mga “Hello Work” na maaaring kumonsulta sa wikang Intsik, Ingles, Portuges, Espanyol, Biyetnames, Nepali, Ukranyo, atbp.

Listahan ng mga Institusyong Mapapagkonsultahan



Maaaring kumonsulta sa telepono o e-mail.

Institusyon	Contact Number (Telepono)	Wikang ginagamit
Osaka Prefectural Board of Education Education Office for Municipalities Elementary & Junior High School Division, Career Support Group	TEL 06-6941-0351 (local: 5484)	Hapon
Osaka City Board of Education	TEL 06-6208-8128	Hapon
Sakai City Board of Education	TEL 072-228-7436	Hapon
Osaka Prefectural Council of Education for Foreigners in Japan	Fax 050-3383-2683 Email fugaikyo@nifty.com	Hapon
Osaka City Council of Education for Foreigners	TEL 070-1796-0050	Hapon

Setyembre 2024 In-isyu

◆In-edit/In-isyu◆

Osaka Prefectural Board of Education, Education Office for Municipalities, Elementary and Junior High School Division, Career Support Group

TEL 06-6941-0351 (local 5484) FAX 06-6944-3826

E-mail shichosonkyoiku@sbox.pref.osaka.lg.jp

URL <https://www.pref.osaka.lg.jp/shochugakko/>

※Pinapahintulutan ang pagkopya maliban sa komersyal na paggamit.

Tiyakin na ilagay ang pinagkunan kapag kokopyahin.

<フィリピン語>